ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg.7
Abril 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## Ika-4 na usapang NDFP-GRP, naidaos

MATAGUMPAY NA NAIDAOS ang ikaapat na pormal na pag-uusap ng NDFP-GRP noong Abril 3 hanggang Abril 6 sa Noordwijk, Netherlands. Ito ay sa kabila nang pagkaantala nito ng isang araw matapos biglang magpataw si Pres. Rodrigo Duterte ng GRP ng mga kundisyon para sa pagpapatuloy nito.

Ayon sa pahayag ng NDFP, determinado ang dalawang panig na resolbahin ang mga hadlang upang maiabante ang usapang pangkapayapaan.

Bahagi ng adyenda para sa ika-apat na *round* ng usapan ang CASER at tigil-putukan.

Ani Prof. Joma Sison, NDFP Chief Political Consultant, ang NDFP ang pinakainteresadong mapirmahan na ang CASER na tutugon sa panawagan ng mamamayan para sa makabuluhang reporma. Sa kabilang panig, ang GRP ay mas interesadong magkaroon ng *bilateral ceasefire agreement* sa NDFP.

Bago pa nito, noong Marso 25, napalaya na ang dalawang *prisoner of war* (POW) na sina Rene Doller at Carl Mark Nocus na nadakip sa Lupon, Davao Oriental noong Pebrero 14. Kasalukuyan pang may apat na POW, kabilang dito sina PFC Edwin Salan, nadakip sa Alegria, Surigao del Norte, Sgt. Solaiman Calucop, PFC Samuel Garay, na nadakip sa Columbio, Sultan Kudarat at PO2 Jerome Natividad na nadakip sa Talakag, Bukidnon.

...sundan sa pahina 3



EDITORYAL

# Itakwil ang mga kontra-kapayapaang utusan ng US

Marapat na batiin ng Partido at mamamayang Pilipino ang bumubuo ng mga Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) sa matagumpay na pagdaraos ng ikaapat sa serye ng mga pag-uusap nitong Abril 2-6 sa kabila ng mga pagtatangka ng mga utusan ng imperyalismong US na hadlangan ito.

Sa pagpupunyagi ng dalawang panig, matatag na naiabante ang pag-uusap ukol sa mga repormang sosyo-ekonomiko na kabilang sa mga sustantibong usapin sa negosasyon. Matalino rin nilang hinarap at inilugar ang usapin ng tigil-putukan na tinangka ng mga utusan ng US na ipambara sa usapan.

Ang mga utusang ito ng US na nasa rehimeng Duterte ay walang iba kundi sina Defense Sec. Delfin Lorenzana, National Security Adviser Hermogenes Esperon at si Gen. Eduardo Año, hepe ng AFP. Sila ang ginagamit ng imperyalismong US para idiskaril ang pag-uusap. Sila ang gumagawa ng iba't ibang hakbang upang barahan at pigilan ang bwelo ng negosasyon. Kinokontra nila ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Sila rin ang nagtulak ng malawakang pagpakat ng mga armadong tropa sa kanayu-

nan na sumira sa diwa ng magkatugong tigil-putukan mula Agosto 2016.

Tinangka nilang idiskaril ang ikaapat na serye ng pag-uusap. Taliwas sa kasunduang magdedeklara ang magkabilang panig ng tigil-putukan bago magsimula ang pag-uusap noong Abril 2, iginiit nina Lorenzana na hindi dapat tumalima rito ang GRP. Tahasang pagbangga ito sa pinirmahang Joint Statement noong Marso 11 at pagkwestyon sa katayuan ng Negotiating Panel ng GRP. Dinala ni Duterte ang pusisyong ito nina Lorenzana laban sa unilateral na tigil-putukan.

Subalit hindi pa nagkasya rito ang mga utusan ng US. Ilang oras bago magsimula ang ikaapat sa serye ng pag-uusap, bumuga ng lason si Lorenzana laban sa rebolusyonaryong kilusan, at habang umaastang sumusuporta sa pag-uusap, iginiit ang pagpapataw ng karagdagang mga kundisyon para magpatuloy ito. Sinundan ito ng pag-iingay ng mga upisyal ng AFP na naggigiit na dapat ilaan ang pag-uusap sa pagbubuo ng isang bilateral na kasunduan sa tigil-putukan, taliwas sa kasunduang ilalaan ito sa sustantibong usapin ng mga repormang sosyo-ekonomiko.

Alinsunod sa pusisyon ng mga utusang ito ng US, bigla-biglang itinulak ni Duterte ang pagbabago ng adyenda ng pag-uusap at iginiit na unahin ang tungkol sa kasunduan sa tigil-putukan.

Nilagay ni Duterte ang ikaapat na pag-uusap sa balag nang alanganin. Natuloy lamang ito dahil sa ipinamalas na kabukasan ng isip ng Negotiating Panel ng NDFP sa usapin ng bilateral na tigil-putukan, at sa pleksibilidad ng dalawang panel sa pagtatakda ng adyenda.

Matapos ang tatlong araw na pag-uusap, pinirmahan ng dalawang panig ang isang kasunduan para sa pagbubuo sa hinaharap ng magkasanib na pansamantalang tigil-putukan.

Inilatag rin ang mga usapin na kailangang pagkaisahan at itinakda ang pagpupulong ng kani-kanyang Komite sa Tigil-putukan upang buuin ang mga alituntunin ng kasunduang ito. Kasabay nito, inilinaw ng NDFP na ang usapin ng tigil-putukan ay hindi siyang katapusan ng usapan at ang pagpirma sa kasunduang ito ay dapat kasunod lamang o kasabay sa pagpirma sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER).

Habang matagumpay na binunot ng magkabilang panel ang ipinambarang usapin ng bilateral na tigil-putukan, nagawa rin nilang asikasuhin ang pagdurugtong ng magkaibang borador ng CASER. Pinagkaisahan rin nilang ituloy ang proseso ng paghahanda ng mas magkalapit na mga borador bilang paghahanda sa susunod na pag-uusap sa darating na Mayo 26.

Habang mas masiglang isinusulong ang usapang pangkapayapaan, mas lalong nagkukumahog ang mga utusan ng imperyalismong US sa pagtatayo ng mga balakid para hadlangan ang proseso at pagsisikap na harapin at lutasin ang mga usaping nasa ugat ng gera sibil sa Pilipinas.

Taliwas sa interes ng imperyalismong US na umabante ang usapang pangkapayapaan sa pagharap, pagtalakay at paglutas sa mga sustantibong usaping sosyo-ekonomiko, laluna ang mga susing usapin ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Nais din nilang hadlangan ang negosasyon tungkol sa mga repormang pampulitika at konstitusyunal dahil maisasalang rito ang usapin ng pambansang kasarinlan at kalayaan laban sa panghihimasok at presensya ng mga dayong tropa at mga base militar.

Ang mga pasistang utusan ng US ay nagsisilbi sa interes ng malalaking industriya sa gera, sa interes pangkalakalan at pamumuhunan ng malalaking kapitalista ng US at mga kasosyong lokal sa malalaking burgesyang komprador tulad ng mga Zobel at Ayala at malalaking panginoong maylupa kabi-

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 7 | Abril 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Iwaksi ang mga kontra-kapayapaang utusan ng US 1

Ikaapat na usapang NDFP-GRP, naidaos 1

Mga kwento ng Ikalawang Kongreso 4

Mga raling iglap, inilunsad 6

Malaganap na mga opensiba ng BHB 7

#AFPFakenews: Imbentong balita ng AFP 9

NDF-SMR: Arestuhin, litisin si Aquino 10

Pasistang atake ng estado, tuluy-tuloy 10

57 maralita, iligal na inaresto sa QC 12

Mga kilos protesta para sa kapayapaan 12

Mga magsasaka ng Tagum sa Maynila 13

Manggagawa ng saging, nagwelga 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

lang ang mga Aquino-Cojuangco.

Determinado silang panatilihing natatanging kapangyarihan ang imperyalismong US sa Pilipinas at pigilan ang paggamit ng soberanya nito sa independyenteng pakikipagugnayang pang-ekonomya, diplomatiko at pang-militar sa ibang mga bansa. Nagsisilbi sila sa interes ng mga imperyalistang US na tiyakin ang hegemonya sa Pilipinas sa harap ng lumalaking mga paghamon dito sa konteksto ng mundong multipolar.

Mas interesado sina Lorenzana at mga militarista sa paglulunsad ng todong-gera laban sa mamamayang Pilipino upang supilin ang kanilang pakikibaka para sa pambansang paglaya mula sa imperyalismong US. Sa ganitong paraan, matitiyak rin na tuluy-tuloy na bibili ang Pilipinas ng mga baril at iba pang kagamitang militar, mga helikopter at eroplanong pandigma para maghulog ng mga gawang-US na bomba para supilin ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Gayunman, sa pagpapaigting ng mapanupil at brutal na digmang anti-mamamayan, nagtatagumpay lang ang AFP sa pagkumbinse sa libu-libo pang mga magsasaka, manggagawa at mga aping uri at sektor, na lumahok sa armadong pakikibaka at sumuporta at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

NANANAWAGAN ANG Partido sa sambayanang Pilipino na suportahan ang usapang pangkapayapaang NDFP-GRP bilang paraan ng pagharap sa mga ugat ng gera sibil sa bansa at pagkamit ng sustantibong mga reporma para sa bayan.

Dapat puspusang labanan ang mga militaristang utusan ng US na dumidiskaril sa usapang pangkapayapaan at interesado lamang sa pagsupil sa mga pakikibaka at armadong paglaban ng bayan. Dapat itulak ang rehimeng Duterte na iwaksi ang mga utusang ito ng imperyalismong US upang sumulong nang makabuluhan ang negosasyon sa NDFP.

Dapat kumilos ang buong bayan para itulak ang pagpapabilis ng negosasyon upang mabuo sa lalong madaling panahon ang CASER pati na ang Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR). Dapat paigtingin, sa partikular, ang pakikibaka ng masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at pagbabaklas ng mga monopolyo ng mga asyenda at malalaking plantasyon. Habang sinisingil si Duterte sa pangakong wakasan ang kontraktwalisasyon, dapat isulong ng masang manggagawa at buong bayan ang adyenda para sa pambansang industriyalisasyon at pagwawakas ng neoliberal na patakarang palaasa sa dayuhang pautang at pamumuhunan.

Kaalinsabay nito, dapat magpunyagi ang BHB sa landas ng armadong pakikibaka upang isulong ang digmang bayan at ipagtanggol ang kapakanan ng bayan. Lalo't walang anumang kasunduan sa tigil-putukan at tuluy-tuloy ang kampanya ng armadong panunupil ng reaksyunaryong estado laban sa mamamayan, dapat ibayong palakasin ang BHB at puspusang isulong ang armadong rebolusyon. AB

---

"*Kaisahan..,*" *mula sa pahina 1*

Hinimok ng NDFP ang GRP na maglabas ng 10 araw na suspensyon ng operasyong militar at pulis para agad na mapalaya ang apat pang natitirang POW.

Kabilang sa mga lugar na naitala ng NDFP ang pitong bayan at siyudad sa Bukidnon: Talakag, Lantapan, Baungon, Malaybalay, Pangantucan, Kalilangan, at Valencia City; pitong bayan sa Surigao del Norte kabilang ang Surigao City, Alegria, Bacuag, Gigaquit, Claver, Placer, Mainit; Kitcharao sa Agusan del Norte; Sultan Kudarat, Sarangani, at South Cotabato.

Nangako naman ang GRP na agad na palalayain ang 23 bilanggong pulitikal na tinukoy ng NDFP. Mayorya sa mga ito ay may sakit at nakatatanda.

Ayon sa NDFP at GRP, ang kasunduan para sa mabilis na pagpapalaya ng POW at bilanggong pulitikal ay ilan sa tagumpay ng nagaganap na usapang pangkapayapaan.

Dagdag pa sa mga napirmahang kasunduan, Abril 6, pinirmahan ng dalawang panig ang kasunduan para bumuo ng magkasanib na interim o pansamantalang tigil-putukan. Sa loob nito, nagkasundo ang magkabilang panig na magbuo ng *interim joint ceasefire agreement* sa malapit na hinaharap. Inatasan nito ang kani-kanilang mga komite sa tigil-putukan na maglunsad ng mga pormal at di pormal na usapan, magbuo at magpinal ng mga alituntunin at mga saligang patakaran para sa pagbubuo ng pinal na kasunduan.

Paglilinaw ni Wilma Tiamzon, konsultant ng NDFP at tagapangulo ng Reciprocal Working Group on End of Hostilities and Disposition of Forces, hindi pinal na kasunduan sa tigil putukan ang bubuuin. Aniya, hindi ito pinal o permanente, at maglalatag lamang ng kundisyon para umusad sa mga makabuluhan pang adyenda ng usapang pangkapayapaan.

Sa pagsasara, idiniin ni Sison na maaaring magkaroon ng bilateral na tigil-putukan kung tutuparin ang pagbibigay ng amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal. Maaari itong kagyat na pirmahan pagkatapos mapirmahan ang CASER.

Kasabay nito, binigyang-pugay ni Sison ang NDFP at GRP at mga delegasyon nito sa matagumpay na paglulunsad ng ika-apat na *round* ng usapang pangkapayapaan. Inaasahan na sa susunod na bahagi ng negosasyon ay mapag-uusapan na ang repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, pangangalaga sa kalikasan at ilan pang usapin hinggil sa bilateral na tigil putukan. AB

# Mga kwento ng Ikalawang Kongreso

Isang kongreso ng pagkakaisa ang naidaos na Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas. Malawak, malalim at makasaysayan ang kabuluhan ng mga aral at kapasyahang nabuo rito para sa patuloy na pagsulong ng rebolusyong Pilipino *(Basahin ang Komunike nito sa* Ang Bayan, *Marso 29, 2017).* Kaalinsabay nito, katangi-tangi rin ang mismong mga detalye sa pagdaraos ng gayong aktibidad. Sa isang baseng gerilya, nagtipon ang isang batalyon ng hukbong bayan, halos isandaang mga namumunong kadre at kasapi ng Partido, at mga kasapi ng milisyang bayan sa isang kampo sa gitna ng kagubatan sa kabila ng patuloy na operasyon ng kaaway.

**Pagtiyak ng demokrasya, pagpapatibay ng pagkakaisa**

Ang kongreso ang pinakamataas na daluyan ng demokrasya sa loob ng Partido. Kaya hinikayat ang partisipasyon ng mga lumahok, lalo na ang nagmula sa mga rehiyon, sa pamamagitan ng *facilitator* na naglilibot sa mga lamesa at upuan, at mga kadreng tumutulong sa pagsasalin mula sa mga lokal na wika kapag nahihirapan ang nagsasalita sa Pilipino, ang upisyal na wika ng kongreso. Kapag malakas ang ulan, nagpapalitan ang mga nagsasalita sa mikroponong nakakabit sa dalawang malaking *amplifier.* Sabay namang nakalitaw mula sa dalawang *projector* sa magkabilang telon ang bersyong English at bersyong Pilipino ng mga borador na tinatalakay, samantalang nasusubaybayan din ng presidyum mula sa kanilang mga kompyuter ang borador kahit nakapwesto sila sa podyum.

Bagamat napakahirap para sa mga *facilitator* ang pagrenda sa talakayang bumubuhos mula sa natipong dekadang mga karanasan, naging magaan naman para sa mga lumahok ang klima ng pagbibigayan dahil pagkakaisa ang layunin. Anang isang kasamang bahagi ng tagakuha ng katitikan, "hindi ako masyadong makalahok sa talakayan dahil hinahabol kong maipasok ang mga pinag-uusapan, pero kung talagang may sabihin ako, pinagbibigyan naman ako. Napakasigla talaga ng talakayan. Masaya [ang aktibidad], at nakita kong muli ang mga dati kong kakolektib na ilang dekada nang di ko nababalitaan."

Sa pagsang-ayon o hindi sa mga panukalang amyenda o resolusyon, tiniyak na may tatlong tagabilang ng nakataas na mga kamay. Pagdating sa paghalal ng pamunuan, ginamit ang sekretong balota, at pagbibilang sa plenaryo na sabay-sabay na itinatala sa blakbord, sa *projector*, at sa papel ang bawat pangalang tinatawag at kinukumpirma ng tatlo-kataong "tagamasid" mula sa iba't ibang rehiyon.

Pinagpasyahan ng buong kapulungan na ang makakapasok lamang sa Komite Sentral at sa Kawanihang Pampulitika (Politburo) ay yaong makakukuha ng boto ng mayorya ng mga delegadong dumalo. Hangga't hindi napupunuan ang kinakailangang bilang ng bawat organo, patuloy na inuulit ang botohan upang makakuha ng mayorya ang mga kadreng ilalagay dito, kaya't inabot ng alas-dose ng gabi ang eleksyon at bilangan. Gayunpaman, walang nadamang pagod ang mga kalahok. Biro nga ng isang delegado, "ayan, ilang taon na kasing hindi tayo bumoboto sa bulok na gubyerno, kaya bawiin natin dito."

Isang nakababatang kadre militar na nahalal bilang bagong kagawad ng pamunuan ang nagsabing "napaka-*inspiring* na nagkakilala, *nagkahimamat* (nagsalubong, nagkadaupang-palad) ang mga kasamang mula sa iba't ibang lugar sa kapuluan, iba't ibang henerasyon, nagkatagpo lahat sa isang makasaysayang pangyayari at nakapagpalitan ng mga kuru-kuro."

Ginawa ng komiteng namahala sa aktibidad ang lahat ng magagawa upang maging palagay ang mga delegado at sa gayo'y makakonsentra sa paglahok sa mga talakayan. Mula sa higanteng apat na metrong bandila ng Partido sa unahan at tig-24 na katamtamang-laking bandila ng Partido sa magkabilang gilid ng bulwagan para sa 48 taon ng pagkilos nito, hanggang sa mga orkidyas at iba pang halamang gubat na ipinanggayak sa mga lamesa, masinsing pinagbuhusan ng pansin ng mga kasama ang lahat ng detalye upang maging matagumpay at di-malilimutan ang pagtitipon.


"Nang malaman kong para sa Kongreso ang ipinagagawa sa akin na myural, istrimer at mga bandera, na-*overwhelm* ako, tumindig ang balahibo sa braso ko," wika ng dibuhistang kabilang sa komite sa dekorasyon. "Minsan lang ito, at hindi ko akalaing magiging bahagi ako ng ganitong pangyayari. Halos nagkasakit ako sa *stress*, pero inspirado ako."



Naglagay ng telebisyon sa kusina na nagsisilbi ring "lugar-sosyalan", para sa pagsubay-

bay ng balita sa araw-araw. Nagsilbi na ring libangan ang telebisyon para sa mga istap sa taguyod. Sa gabi, kung walang balita ng kilos ng kaaway, maging ang mga nakapakat sa taliba ay nakapanonood ng inihandang mga pelikula na doon mismo'y isinasalin ng ilang kasama para maunawaan sa lokal na lenggwahe.

Hindi lamang sa mga delegado nadarama ang pagkakaisa kundi hanggang sa rebolusyonaryong masa sa palibot ng kampo. Hanggang mahigit sampung kilometrong layo na baryo ay kagyat na nagpapaabot ng balita kapag may kilos ng kaaway. Nagpapadala ng mga meryendang kakanin ang mga kasapi ng sangay ng Partido sa mga baryong palibot ng kampo. Tumulong sila sa pamamalengke, paghatid at pagsundo ng mga kasamang dumarating at umaalis.



Sa kultural na mga programa sa pagbubukas at pagsasara ng kongreso, masigla ang partisipasyon ng mga kadre at kasapi ng Partido, Pulang kumander, Pulang mandirigma, at mga organisadong masa sa palibot. May pinaghandaang numero ang bawat yunit, at nagpalitan ang iba't ibang rehiyon sa pagtatanghal ng kanilang mga sayaw – *pattong* ng Kordilyera, kuratsa ng Samar, at sayaw ng Lumad ng Mindanao. Masiglang sinaluhan ng mga taga-ibang rehiyon ang mga ito. Para sa mga hindi makasabay sa lokal na sayaw, binuksan ang isang bahagi ng bawat programa para sa mga sayaw na hindi lokal tulad ng cha-cha at "maskipaps" sa saliw pa rin ng mga rebolusyonaryong awiting sinadya sa ganoong tempo. Itinanghal din ng mga kasama ang kanilang mga lokal na awitin, kabilang na ang *kulilipan* at *dawes* ng Kordilyera. Ipinakilala sa okasyong ito ang dalawang awiting nilikha ng mga kasama para sa kongreso, ang Muog na Buo at ang Pag-ugit ng Kasaysayan na naglalarawan ng determinasyon ng Partido na paunlarin nang magkakaagapay ang mga rehiyon para sa mabilis na pagsulong sa mas mataas na antas ng digmang bayan.

**Masinsing paghahanda**

Humigit-kumulang tatlong buwan bago ang kongreso, nagsimula na ang mga kolektibong pagtalakay ng mga komiteng rehiyon sa mga borador na konstitusyon at programa at pagtala ng kanilang mga komentaryo at panukala. Nagbuo na rin sila ng mga resolusyong nais nilang ihapag sa kongreso. Nagbotohan sila sa pamamagitan ng sekretong balota kung sinu-sino ang kanilang magiging mga kinatawan, kapwa ang dadalo at ang hindi. Naghanda na rin ng iba't ibang ruta, alternatibong ruta, at iba't ibang sasakyan ang mga istap sa transportasyon.

Ilang linggo naman bago ang aktibidad, abala na ang mga organisasyong masa, milisya, at mga yunit ng hukbo sa lugar na pagdarausan sa pagtatayo ng malaking bulwagan, klinika, mga baraks at indibidwal na kubo, at iba pang istruktura sa kampo. Kabilang dito ang limang paliguan para sa lahat at iba't ibang paliguan para sa mga kasamang may kahirapan sa mobilidad. Ilang iskwad ng milisyang bayan ang naghakot ng mga kagamitan para sa konstruksyon at suplay na pagkain upang ilagay sa isang imbakang di kalayuan sa ilang kusinang nakalatag sa iba't ibang bahagi ng sayt. Kahon-kahon ding mga kagamitang medikal ang ipinasok bilang paghahanda sa anumang kagipitan.

Bago pa man nito ay naghanda na ng mga alagang pagkaing hayop ang mga kasama dahil ang dating mga produksyong gulay ng hukbo at ng masa ay malamang na hindi sasapat sa ganoon kalaki at katagal na pagtitipon. Nag-imbak na rin ng saku-sakong arina na siyang nilutong iba't ibang klase ng tinapay na pangmeryenda ng buong kampo.

Kaya't pagdating ng mga delegado at iba pang istap, nakahanda na ang kanilang mga akomodasyong kumpleto sa kuryente ang bawat kubo, ang mga kopya ng tinipon na mga komentaryo mula sa iba't ibang rehiyon, at maging ang duktor, nars at mga istap na paramedik upang magtsek-ap, magsuperbisa sa sustansya ng pagkain, at magbigay ng serbisyong medikal sa lahat ng nasa kampo, lalo na sa mga may edad at may karamdaman.

Isang kasapi ng grupong medikal na matagal nang naghanda ng sarili para makatugon sa tungkulin ang nagsabing, "Kami ang nagmomonitor sa mga may *highblood*, mga may iniinom na *maintenance*. Masaya ako kasi natapos ang makasaysayang kongreso na walang mayor na nagkasakit sa mga kasama. Na-*amaze* nga ang mga kasama na pwede palang gawin sa loob ang ECG. At may *in-house* na duktor kaya naipapaliwanag agad ang resulta. Nakakapagod pero may *fulfillment*."

**Matagal na pagkaantala**

Huling bahagi pa lamang ng dekada 1980, nang makatipon na ng sapat na lakas at lawak ang rebolusyonaryong pwersa at naibagsak na ang diktadurang US-Marcos, nagbalak nang magpatawag ng kongreso ang Partido. Pinaghandaan ang mga borador ng dokumento nito ngunit dahil nariyan pa ang mga rebisyunistang taksil sa pamunuan ng Partido, hindi naidaos ang muntik nang maging isang kongreso ng pagkakawatak-watak.

Noong kalagitnaan ng dekada 2000, muling binalak ang kongreso at muling nagpalaganap ng mga borador sa iba't ibang mga komite ng Partido. Ngunit ito'y inabot din ng malalaking pagbabago tulad ng masinsin at malawakang mga kampanya ng kaaway sa lugar na balak pagdausan. Kaya't kahit natagalan, tunay na matagumpay at makasaysayan ang naidaos na Kongreso nitong 2016. AB

Sa ika-48 anibersaryo ng BHB

# Mga raling iglap, inilunsad

Bilang paggunita sa ika-48 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, naglunsad ng malalaking raling-iglap ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa iba't ibang mayor na lunsod at bayan. Kasabay ng anibersaryo noong Marso 29, inianunsyo ng Partido Komunista ng Pilipinas ang matagumpay na paglulunsad ng ikalawang Kongreso ng Partido noong Oktubre 24 hanggang Nobyembre 7.

**NCR**. Sa Metro Manila, daan-daang myembro ng Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) ang nagmartsa sa Quiapo, Manila upang ipagdiwang ang ika-48 anibersaryo ng BHB.

Naglunsad din ng raling iglap ang mahigit 500 kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon sa Cubao, Quezon City, noong Marso 27. Nagsimula ang protesta nang alas-8 ng umaga sa kanto ng Aurora Blvd. at EDSA. Tumigil ang daloy ng trapiko nang mahigit kalahating oras.

Sabay-sabay na umawit ng Internasyunal ang mga raliyista habang nananawagan sa mamamayan na sumapi sa BHB at isulong ang digmang bayan.

Noong Marso 31, muling naglunsad ng mga pagkilos ang mga organisasyon sa ilalim ng NDFP upang ipagdiwang ang matagumpay na paglulunsad ng Ikalawang Kongreso ng PKP. Ginanap ang mga raling iglap sa Tulay ng Mendiola at Litex, Quezon City.

Sa pahayag ng NDF-Metro Manila, ang ikalawang kongreso ay kongkretong pagpapakita ng lakas ng masang lumalaban, ng Partido Komunista ng Pilipinas, at ng Bagong Hukbong Bayan. Anila, magpapatuloy lamang ang paglakas nito hanggang sa tuluyan nang makubkob ang kalunsuran mula sa kanayunan at maipagtagumpay ang matagalang digmang bayan.

**Laguna**. Isang raling iglap din ang idinaos ng mga myembro ng rebolusyonaryong organisasyon sa Calamba, Laguna noong Marso 29.

Sa pahayag ng Revolutionary Council of Trade Unions sa Timog Katagalugan, sinabi nito na malaking hamon ngayon sa uring manggagawa na higit pang paramihin ang pagsapi sa BHB.

**Bicol**. Nagmartsa noong Marso 29 ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Sorsogon City Public Market.

Pinagpugayan nila ang BHB at hinimok ang mamamayan na ipagpatuloy at suportahan ang digmang bayan.

**SMR**. Sa Davao City, nagrali ang mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon sa iba't ibang bahagi ng syudad. Suot ang damit na may panawagang "Sumapi sa NPA" at mga maskarang mukha ng pinaslang na kumander na si Ka Leoncio Pitao, nagpahayag ang mga raliyista ng suporta sa digmang bayan at sa magaganap na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP sa Abril 2-6.

**NEMR**. Pinangunahan ng Kabataang Makabayan-Caraga ang raling iglap sa Butuan at Surigao City noong Marso 29.


Ayon sa binasang pahayag ng NDFP-NEMR, binigo ng BHB, kasama ang masang nakikibaka, ang mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng mga naunang pangulo mula Marcos hanggang Aquino III, na nangarap na ubusin ang rebolusyonaryong kilusan. Sa pamamagitan ng pagtangan sa linya ng matagalang digmang bayan, naitaas nito ang kakayahan ng mga Pulang mandirigma para labanan ang brutal na mga operasyon ng AFP at PNP. Kung kaya't nagpapatuloy ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng mga Pulang mandirigma. Lumawak ang pampulitikang kapangyarihan ng Partido sa kanayunan at nagpapatuloy ang pagkamit ng tagumpay ng agraryong rebolusyon habang umaabante ang demokratikong pagkilos sa kalunsuran.

Hinamon naman ni Ma. Laya Guerrero, pambansang tagapagsalita ng Kabataang Makabayan, ang lahat ng kabataan na patindihin ang paglaban sa todo-gera ng AFP, i-kampanya sa kapwa kabataan ang pagpapadala ng suportang materyal at personel sa hukbong bayan at maramihang tumungo at maglunsad ng integrasyon sa mga sonang gerilya.


Aniya, sumusulong ang rebolusyon. Ngunit para mas lalo pang sumulong, kinakailangan ang malakas na suporta ng kabataan sa pamamagitan ng laksa-laksang pagsapi sa NPA.

Samantala, nagbigay-pugay naman ang iba't ibang progresibong grupo sa lahat ng martir ng BHB at sa lahat ng Pulang mandirigma na patuloy na naglulunsad ng digmang bayan sa kanayunan.

Ani Renato Reyes, Jr., pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan, "pinili natin ang okasyong ito—na taunang magaganap—para alalahanin ang lahat ng martir ng diktadurang Marcos, upang magsilbing inspirasyon at aral sa mas nakababatang henerasyon." AB



# Malaganap na mga opensiba ng BHB



Hindi bababa sa dalawampu't limang armadong aksyon ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang panig ng kapuluan mula Marso 18 hanggang Marso 30. Katumbas ito ng halos dalawang taktikal na opensiba bawat araw. Aabot sa 77 ang kaswalti ng kaaway, na karamiha'y mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines.

**Eastern Visayas.** Isang masinggan at 10 riple ang nasamsam ng BHB-Eastern Visayas sa matagumpay na reyd ng mga Pulang mandirigma nito sa kampo ng Civilian Armed Auxiliary (CAA) sa Brgy. Geparayan, Silvino Lobos, Northern Samar. Nakumpiska sa nasabing reyd ang isang M60 masinggan, isang ripleng R4, limang ripleng M1 Garand at apat na karbin. Isinagawa ang matagumpay na reyd noong Marso 30.

Binati ng panrehiyong kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Eastern Visayas (Efren Martires Command o EMC) ang mga Pulang mandirigma na nagsagawa ng apat na koordinadong taktikal na opensiba nang araw na iyon.

Maliban sa reyd, dalawang operasyong haras din ang inilunsad ng BHB-Northeast-Central Samar Subregional Command laban sa dalawang detatsment ng 52nd IB at CAA sa Motiong at Paranas. Unang pinaputukan ng isang yunit ng BHB ang kampo sa Motiong bandang alas-3 ng umaga noong Marso 30. Isang sundalo ang naiulat na nasugatan. Bandang alas-5:30 naman ng umaga ring iyon, hinaras din ang kampo sa Brgy. Pequit, Paranas.

Ayon sa tagapagsalita ng BHB sa subrehiyon na si Bernabe "Ka Cani" Linay, matagal nang nilalabag ng mga elemento ng 52nd IB ang karapatang-tao ng mga residente, kabilang ang pamumwersa sa kanila na maggiya sa mga operasyon, pananakit at pagpapalaganap ng mga kriminal na aktibidad at iligal na droga. Dagdag pa ni Ka Cani, ang mga kampo ng 52nd IB ay nagsisilbing kanlungan ng mga kontra-rebolusyonaryo at masasamang elemento na responsable sa pangungulimbat sa mga bayan sa Western Samar. Nagmumula mismo sa mga sundalo ang mga armas ng mga kriminal.

Iniulat din ng BHB-EMC na hinaras din ng isa pang yunit nito ang kampo ng mga paramilitar sa Burauen, Leyte. Dagdag pa ng panrehiyong kumand sa operasyon, ang koordinadong mga taktikal na opensibang ito ay hakbang-pamamarusa sa AFP sa nagpapatuloy nitong paglabag sa mga karapatangtao at pagsabotahe ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP.

**Timog Katagalugan.** Matagumpay na binigo ng BHB-Sierra Madre Subregional Command (Rosario Lodronio Rosal Command o RLRC) ang atake ng 80th IB noong Marso 30 sa Brgy. Lumutan, General Nakar, Quezon. Lima ang napatay sa panig ng reaksyunaryong tropa. Sugatan naman ang lima pang sundalo.

Wala namang tinamong kaswalti ang Pulang hukbo, ayon kay Ka Armando Jacinto, tagapagsalita ng BHB-Sierra Madre. Samantala, isang baby M-16 ang nakumpiska ng BHB, gayundin ang iba pang kagamitang militar at datos sa paniktik.

Dagdag pa ng BHB-Sierra Madre, laking-kumpanyang tropa ng kaaway ang naglunsad ng operasyon laban sa BHB na nagsagawa ng konsultasyon at nagdiwang ng ika-48 anibersaryo ng BHB sa naturang barangay. Pinaghandaan ng mga Pulang mandirigma ang atake ng kaaway at magiting na nilabanan at nagkontra-maniobra laban dito.

Sa Mindoro, siyam ang patay habang walo ang sugatan sa panig ng isang platun ng Bravoy coy, 4th IB nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command o LGC) noong Marso 29. Isinagawa ng BHB-LGC ang taktikal na opensiba sa Caguray River, Sitio Lalaunan, Brgy. Benli sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

**North Central Mindanao.** Dalawang operasyong haras ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng South Central Subregional Command laban sa dalawang kolum ng 8th IB sa Quezon, Bukidnon noong Marso 30. Tatlo ang patay sa naturang mga aksyon, kabilang ang *commanding officer* ng platun na si Lt. Pablo. Samantala, labintatlo ang sugatan sa panig ng mga sundalo.

Isinagawa ang unang haras alas-2:19 ng hapon sa Sityo Mahayahay, Brgy. Minongan. Dito napatay ang kumander ng platun. Anim na iba pa ang sugatan. Kinahapunan ng alas-4 isinakay ang mga kaswalti sa dalawang helikopter.

Ilang minuto matapos nito, ang isa pang umaatakeng kolum ng kaaway ay hinaras din ng isa pang yunit ng BHB sa Brgy. Mahayag, Quezon. Pito ang sugatan sa panig ng 8th IB.

Samantala, tatlong magkakasabay na operasyong haras ang isinagawa noong Marso 20, alas-5 ng umaga, ng mga yunit ng BHB-EMONEB (Eastern Misamis Oriental-Northeastern Bukidnon) laban sa

tatlong detatsment ng Civilian Armed Auxiliary na pinamumunuan ng 58th IB. Dalawa sa mga kampo ay nasa Brgy. Kibanban, at isa sa Brgy. Quezon, kapwa sa bayan ng Balingasag, Misamis Oriental.

Noong Marso 18, hinaras ng isang yunit ng BHB-Mt. Kitanglad Subregional Command ang mga sundalo ng 1st Special Forces Battalion na nag-ooperasyon sa Brgy. Baylanan, Talakag, Bukidnon. Dalawa ang naiulat na patay sa panig ng kaaway.

**Far South Mindanao.** Pitong sundalo ng 2nd Marine Company ng Marine Battalion Landing Team-8 ang namatay habang maraming iba pa ang nasugatan nang ambusin sila ng BHB-Mt. Daguma Subregional Command noong Marso 21 sa Km. 30, Sityo Tinagdanan, Brgy. Hinalaan, Kalamansig sa Sultan Kudarat.

Ayon kay Ka Dencio Madrigal, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, isinagawa ang ambus bilang hakbang pamarusa sa nasabing yunit ng Philippine Marines na maraming taon nang nagsisilbing bayarang mga tagabantay ni David Consunji sa kanyang mapanalasang mga kumpanya at pangaagaw ng lupa.

Dagdag pa ni Ka Dencio, mula pa noong dekada 1980 ay inagaw na ni Consunji ang mahigit 102,000 ektaryang lupain ng mga Lumad at magsasaka sa Sultan Kudarat, South Cotabato at Maguindanao para sa kanyang mga mapaminsalang negosyo, laluna ang pagtotroso, pagmimina at mga plantasyon. Gamit ang mga sundalo ng AFP, naging laganap ang mga paglabag ni Consunji sa karapatang-tao ng mga lumalabang mamamayan.

Samantala, noong Marso 31, ni-reyd ng mga Pulang mandirigma ang Amadeo Banana Company sa Sinawal, General Santos City at dinis-armahan ang mga gwardya nito. Nakumpiska mula sa kanila ang dalawang ripleng M16.

**Zamboanga Peninsula.** Noong Marso 18, limang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan sa mga pwersa ng 55th IB sa isinagawang ambus ng BHB-Mount Malindang Subregion-1 Operations Command. Inilunsad ang ambus sa Brgy. Gala, Tudela, Misamis Occidental, matapos ang isang buwang opensiba ng AFP sa prubinsya.

Ayon kay Ka Mario Jose, tagapagsalita ng panrehiyong kumand sa operasyon, mahaba ang listahan ng krimen ng 55th IB laban sa mamamayan ng Zamboanga Peninsula. Mula pa noong dekada 1980 hanggang sa kasalukuyan ay nagsagawa ito ng malulubhang paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas upang bigyang daan ang dambuhalang mga kumpanya sa pagmimina, agribisnes na pumipinsala sa mga rekurso ng Mt. Malindang at mga kapatagang nakapalibot dito.

**Southern Mindanao.** Bandang tanghali noong Marso 23, inambus ng isang yunit ng BHB-ComVal-Davao East Coast Subregional Command ang mga nag-ooperasyong sundalo ng 66th IB sa Brgy. Sobrecary, Caraga, Davao Oriental. Nakumpiska ang isang M4 *assault rifle*, isang Harris na radyo at mga bakpak ng militar. Limang sundalo ang namatay sa naturang ambus. Isang araw bago nito, nagsagawa ng pambobomba mula sa himpapawid ang 66th IB na sumira sa mga sakahan at kabuhayan ng mga Mandaya at magsasaka sa lugar.

Noong Marso 23, mag-aalas 9:25 ng umaga, inambus naman ng mga Pulang mandirigma ang mga tropa ng 60th IB sa Brgy. Cayaga, San Fernando, Bukidnon. Dalawa ang patay sa kaaway at dalawa pa ang sugatan. Kinahapunan ng ala-una, binigo naman ng BHB mula sa ComVal-North Davao-South Agusan Subregional Command ang atake ng 75th IB sa Laak, Compostela Valley. Isang elemento ng CAFGU ang namatay sa naturang labanan.

Nagsagawa rin ng tatlong aksyong militar ang 4th Pulang Bagani Company ng BHB-SMR laban sa 72nd IB/CAA at 60th IB noong Marso 23 at Abril 4. Noong Marso 23 sa Km. 26 LS Sarmiento, Brgy. Kidawa, Laak, Compostela Valley, dalawang magkasabay na operasyong haras ang isinagawa ng 4th PBC laban sa 72nd IB/CAA. Dalawa ang patay at isa ang patay sa kaaway sa mga aksyong ito. Inambus naman ng 4th PBC nitong Abril 4 ang 60th IB sa parehong lugar. Isang sundalo ang napatay at naklining ang isang M16.

Ayon sa BHB-SMR, ang aksyong ito ay parusa sa mga pagpatay ng naturang mga yunit sa tatlong magsasaka sa Laak, pamamaril sa isa pa, at matinding operasyon na nagdulot ng ligalig sa 1,397 pamilya at dislokasyon ng 113 pamilya. Noong Nobyembre 2016, sa kabila ng umiiral ng magkatugong tigil-putukan sa pagitan ng NDFP at GRP, nagtayo ng kampo ang kaaway sa LS Sarmiento sa kabila ng matinding pagtutol ng mga residente.

Samantala, isang aksyong haras naman ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Front 20 laban sa 67th IB/CAA noong Marso 29, alas-5 ng umaga sa Brgy. Nabunga, Boston, Davao Oriental.

**Bicol.** Inambus ng BHB-Camarines Norte (Armando Catapia Command o ACC) noong Marso 20 ang mga tropa ng 9th ID na lulan ng isang trak ng militar sa kahabaan ng hi-way sa Brgy. Bagong Silang Dos, Labo. Isang sundalo ang namatay at apat ang nasugatan sa naturang opensiba na isinagawa bandang alas-10 ng gabi.

Bago nito, bandang tanghali ng Marso 18, hinaras ng isang yunit ng BHB-ACC ang isang platun ng 9th ID na nakabase sa Sitio Hanlab, Brgy. Magsaysay, Capalonga.

Sa Camarines Sur, isinagawa ng BHB-Partido Area (Tomas Pilapil Command o BHB-TPC) ang pag-disarma sa pamilyang Garduce sa Brgy. Bucogan, Lagonoy noong Marso 28. Nakumpiska ang isang M-16 at 18 magasin. Ayon kay Ka Baldomero Arcanghel, tagapagsalita ng TPC, aktibo ang mag-asawang Garduce sa pagrerekluta ng mga *asset* ng militar laban sa rebolusyonaryong kilusan. AB

# #AFPFakenews: Mga inimbentong balita ng AFP

DUMAGSA NITONG nakaraang mga linggo ang mga pekeng balita upang siraan ang BHB, pagtakpan ang kanilang mga pagkatalo sa labanan at mga pasistang krimen.

Noong Marso 29, nagpakalat ng tahasang kasinungalingan ang Civil Military Operations (CMO) ng 8th IB hinggil sa pagkakasunog ng Concepcion National High School sa Valencia, Bukidnon. Ikinalat ni 1Lt. Erwin Bugarin, upisyal sa CMO ng 8th IB ang balitang BHB ang nagsunog ng paaralan dahil sa hindi pagbigay ng mga guro ng pondo ng paaralan para sa *feeding program*. Inilabas din ng Facebook account ng DWDD, ang istasyon ng radyo ng Department of National Defense ang pekeng balita. Nilaman din ito ng mga *website* ng malalaking istasyon ng balita.

Umani ng matinding pagbatikos ang pag-iimbento ng balita ng 8th ID matapos magpahayag ang mga tauhan ng lokal na pamahalaan at mga guro ng naturang hayskul. Ayon sa Bureau of Fire Protection ng Valencia City, aksidente ang nangyaring sunog dulot ng sirang mga kable ng kuryente. Maging ang mga residente at kapitan ng Barangay Concepcion at meyor ng lunsod ay nagsabing walang kinalaman ang BHB sa naturang sunog. Pinasinungalingan din ng mga guro ang pekeng balita ng 8th ID at sinabing wala silang *feeding program* dahil panay hayskul ang kanilang mga estudyante at hindi mga elementarya.

Sa kabila ng mga ebidensyang ito, nagmatigas pa rin ang pamunuan ng 8th IB sa kanilang pekeng balita.

Nito namang Marso 30, nagpalabas ng pekeng balita ang 9th ID hinggil umano sa pagkakapatay sa isang myembro ng BHB sa Sityo Traktora, Brgy. Bagong Silang, Sipocot, Camarines Sur.

Ayon sa Norben Gruta Command, walang naganap na engkwentro sa pagitan ng BHB at 9th ID. Pumunta sa lugar ang mga sundalo bandang alas-3 ng hapon lulan ng dalawang *van*, at walang habas na pinaputukan ang mga sibilyan na nakasilong sa hintayan ng sasakyan. Namatay sa pamamaril si Renel Mirabelles, at sugatan naman ang dalawang binatilyong sina Joseph Sagario at Regie Loprandado. Inaresto rin ang isa pang sibilyan na kinilalang si Erick Estadillo at ipinalabas na myembro ng BHB.

Pinasinungalingan naman ng mga residente sa Brgy. Bololo, Guinobatan, Albay ang iniulat ng 83rd IB na umano'y dalawang magkasunod na engkwentro sa BHB noong Marso 30. Sa panayam ng lokal na istasyon ng radyo sa mga residente, isiniwalat nila na ang mga sundalo lamang ang walang habas na nagpaputok. Pilit umano silang pinaaamin ng mga sundalo na myembro sila ng BHB. Iniulat din ng mga taga-Brgy. Bololo ang kanilang pagkabahala dahil sa presensya ng mga sundalo, at ang mga nakawan at panununog ng bahay na kanilang ginawa.


Maaalalang nagpalabas din ng pekeng balita ang 9th ID tungkol sa umano'y enkwentro noong Marso 15 sa Brgy. Itok, Capalonga, Camarines Norte kung saan isang sibilyan, at hindi Pulang mandirigma, ang kanilang nabaril.

Sa Southern Tagalog, matapos magtamo ng pinsala mula sa kontra-opensiba ng BHB-Sierra Madre noong Marso 30, nagpakalat din ng pekeng balita ang mga upisyal-militar ng 80th IB, 2nd ID at maging ang tagapagsalita ng AFP na si Maj. Gen. Restituto Padilla. Pinapaniwala ng mga ito ang midya na umano'y sampu ang namatay sa panig ng BHB-Sierra Madre, taliwas sa pahayag ng kumand ng BHB sa lugar *(Basahin ang kaugnay na balita)*.

Noon ding Marso 30 sa Tagbinonga, Mati City, Davao Oriental, pinatay ng mga sundalo ng 28th at 66th IB ang magsasakang si Jeffry Santos nang makasalubong nila ito patungo sa bayan upang magbenta ng kopra. Katulad ng maraming kaso ng pagpatay sa mga magsasaka, awtomatikong pinalabas ng AFP sa kanilang mga pahayag sa midya na myembro umano ng BHB si Santos at kanilang napatay sa isang engkwentro.

Gayundin, ang organisadong pagbakwit ng mga residente sa ilang barangay sa Antipas, North Cotabato noong Marso 23 dahil sa operasyon ng 39th IB ay pinalabas ng AFP bilang resulta umano ng pangho-*hostage*, pagnanakaw at mga pagbabanta ng BHB. Kinalaunan, maging ang meyor ng Antipas ay nagpasinungaling sa pekeng balitang ito ng AFP.

Bahagi na ng opensibang saywar ng AFP ang pambabaluktot ng mga datos, kundi man tuwirang pag-iimbento ng balita laban sa BHB. Sa pagsigla ng *social media*, sinasamantala ng AFP ang bilis ng daloy at pasahan ng impormasyon upang palaganapin ang mga pekeng balita. Subalit nagiging kritikal na rin ang mga *netizen* at lumalaganap ang pagwaksi sa #AFPFakeNews.



# NDF-SMR: Arestuhin, litisin si Aquino, at iba pa para sa Masaker sa Kidapawan

"Sa paggunita ng madugong dispersal ng mga Lumad at magsasaka sa nakilala na ngayong Masaker sa Kidapawan, inilabas ng NDF ng Southern Mindanao ang Indictment para sa krimen ng digma, krimen laban sa sangkatauhan at seryosong paglabag sa pandaigdigang makataong batas at pandaigdigang batas para sa karapatang pantao laban kina dating GRP Pres. Benigno Aquino III, North Cotabato Gov. Emmylou Taliño-Mendoza, Kidapawan City Mayor Joseph Evangelista, North Cotabato Representative Nancy Catamco, at iba pang sibilyang personalidad at mga upisyal ng militar at pulisya."

Ito ang ipinahayag ni Rubi del Mundo, tagapagsalita ng NDF-SMR, noong Abril 1, isang taon makaraan ang marahas na pamamaril sa Kidapawan City ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno sa mga nagprotestang Lumad at magsasaka na mga biktima ng matinding tagtuyot. Ang naturang pamamaril ang nagresulta sa pagkamatay ng dalawang magsasaka, seryosong pagkasugat ng 34 na iba pa, kasama ang 22 indibidwal na nasugatan ng tama ng bala at di-makatarungang pag-aresto at pagkakakulong ng 79 na sibilyan, kung saan siyam ang matatanda at lima ang buntis.

Iniatas din ng dokumento ng pagsasakdal, na inilabas noong Disyembre 26, 2016 ngunit ngayong taon lamang isinapubliko, ang pag-aresto sa nabanggit na mga akusado at pagbigay ng karampatang parusa matapos ang paglilitis sa Hukumang Bayan.

Idineklara rin nito na mayroong di-maitatatwang ebidensya laban sa mga akusado ng kanilang "matinding pagpapabaya at pagwawalang-bahala at mga hakbanging sinadya o diginawa" na nagresulta sa madugong dispersal ng mga nagpoprotestang magsasaka. May ebidensya rin na ang marahas na pagbuwag at kasunod na pag-aresto at pagkulong sa mga sibilyan ay matinding paglabag sa ilang pandaigdigang batas at kasunduan tulad ng CARHRIHL at ng Geneva Convention.

Matapos ang paglabas ng naturang dokumento, kinastigo rin ni del Mundo ang mga pahayag ng ilang reaksyunaryong pulitiko na nagmamaliit sa sistema ng hustisya ng rebolusyonaryong gubyerno at nagbigay pa ng suporta sa mga akusado. "Pinakita lamang ng mga reaksyunaryong pulitiko, laluna na ng tagapagsalita ng Malacañang, ang kanilang pagpapabaya sa mga biktima sa kanilang paggarantiya ng proteksyon para kina Aquino, sampu ng iba pang mga maysala," aniya.

Dagdag pa ni del Mundo, "Kinakalimutan nila na ang isinasagawang negosasyong pangkapayapan ay katibayan ng awtoridad ng Demokratikong Gubyernong Bayan."

Samantala, sa North Cotabato, ikinagalak ng masa ang pag-uutos ng pagsasakdal, na arestuhin at litisin sa Hukumang Bayan si Aquino at iba pa.

Naipahayag ng isang magsasakang naroon mismo sa marahas na dispersal na "ang mga pasistang salarin ay dapat litisin. Gumawa sila ng di-mabilang na mga krimen at magpapatuloy sa paggawa niyan kung hindi sila aarestuhin at lilitisin sa rebolusyonaryong hukuman." AB

---

Todong-gera ng AFP

# Pasistang atake ng estado, tuluy-tuloy

Wala pa ring puknat ang pasistang pang-aatake ng mga armadong galamay ng estado sa mga sibilyan. Sa nakaraang dalawang buwan, isang magsasaka sa bawat dalawang araw ang pinapaslang ng mga ahente ng militar at pinagbibintangang kasapi o tagasuporta ng BHB. Ito ang inihayag ng mga grupo ng mga magsasaka nang ilunsad nila ang pambansang kampanya na #StopKillingFarmers (Itigil ang pagpatay sa mga magsasaka) sa kanilang pagpapahayag noong Marso 29. Mula nang simulan ng rehimeng Duterte ang todo-gera nito laban sa rebolusyonaryong kilusan noong Pebrero 3, umaabot na sa 24 magsasaka at katutubo ang pinaslang ng mga ahente ng estado.

Patuloy rin ang kriminal na pambobomba at militarisasyon ng AFP sa mga sibilyang komunidad, iligal na pang-aaresto, panggigipit at samutsaring paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan.

**Ekstrahudisyal na pamamaslang**

Nitong Abril 2, dalawang araw bago magbukas ang ikaapat sa serye ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, pinaslang ng mga ahente ng 46th IB si Danilo Nadal. Myembro si Nadal ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Pantukan, isang organisasyon ng mga magsasakang nakikilaban para sa kanilang karapatan sa lupa. Sampung tama ng baril ang kanyang natamo.

Noong Marso 27, tatlong magsasaka ang sunud-sunod na pinatay ng mga elemento ng 60th IB sa Laak, Compostela Valley. Bandang alas-3 ng hapon, apat na beses na binaril si Cora Molave Lina, 45, sa loob ng kanyang bahay sa Barangay Kibaguio. Pagsapit ng alas-7 ng gabi, binaril naman ang mag-asawang Arman at Arlyn Almonicar sa Purok 2, Barangay Bollucan ng mga ahente ng intel ng 60th IB. Pawang mga myembro ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Laak (NAMULAK or United Peasants in Laak) ang tatlo. Kilala ang mag-asawang Almonicar bilang matatag na tagasuporta sa pakikipaglaban ng mga magsasaka.

Noong Marso 23, binaril naman ng elementong nakapailalim sa 46th IB si Pedro Pandagay 48, sa kanyang bahay sa Purok Biaw, Brgy. Anitapan, Mabini, Compostela Valley. Upisyal ng Golden Valley Banana Planters Association ng Mabini si Pandagay at aktibo sa mga pakikibakang magsasaka sa lugar.

Namatay naman si Jeffry Santos noong Marso 31 matapos siyang mabaril sa tiyan ng mga elemento ng

28th IB sa Brgy. Tagbinonga, Mati City.

**Pambobomba sa mga sibilyang komunidad**

Nasa 1,000 residente mula sa limang barangay ng bayan ng Calbiga (Literon, Hubasan, Burong, Canbagtic at San Mauricio) ang nagbakwit noong Abril 4 matapos okupahin ng 87th IB ang kanilang mga komunidad. Sa pamumuno ng Kapunungan han mga Parag-uma ha Weste han Samar (KAPAWA), dumating sa sentro ng bayan ang mga nagbakwit bandang alas-6 ng hapon. Ayon sa mga residente, nagkampo ang mga sundalo sa sentro ng kanilang mga barangay, sa mga *barangay hall* at mga bulwagan. Ginipit nila ang mga residente at pinilit ang iba na maggiya sa kanilang mga operasyon. Tumigil ang mga sundalo sa lugar matapos magkaroon ng sagupaan sa pagitan nila at BHB.

Noong Marso 30, binomba ng 203rd IBde ang paligid ng mga Sityo Karumata at Kalungbuyan, Brgy. Benli sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Ito ay matapos mabigwasan ang kanilang tropa sa atake ng BHB na nagdulot ng 15 kaswalti sa kanilang hanay. *(Tingnan ang kaugnay na balita sa pahina 7.)* Kinabukasan, pinalibutan ang mga sundalo ang tatlong sityo ng Brgy. Benli. Nagdulot ito ng matinding takot sa mga residente. Pinagbawalan nila ang pagpasok ng pagkain at iba pang pangangailangan sa lugar. Hindi makapasok ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa lugar dulot ng matinding militarisasyon.

Noon namang Marso 22, alas-11 ng umaga, anim na bomba ang hinulog ng mga eroplano ng AFP malapit sa Brgy. Olave, Buenavista, Agusan del Norte. Ito ay matapos makaengkwento ng 23rd IB ang isang yunit ng BHB sa Sityo Malambago, Brgy. Sangay sa naturang bayan. Ayon sa ulat ng mga residente, isang bomba ang sumabog malapit sa Olave Elementary School kung saan mayroon pang nagkaklase. Dulot ng lakas ng bomba, nahimatay ang ilang mga bata at natakot ng husto ang iba.

Matapos ang pambobomba, dumating sa lugar ang mahigit 60 tropa ng 23rd IB sa Olave at inaresto ang dalawang sibilyan. Nakasalubong lamang nina Roland Abandola, 26, at Max Lagumbay, 30, ang mga sundalo nang sila ay iligal na arestuhin at pinaratangang mga myembro ng BHB.

Sa Southern Mindanao, tuluy-tuloy ang mga pambobomba at okupasyon AFP sa mga sibilyang komunidad, dahilan ng maramihang paglikas ng mga residente rito.

Noong Marso 30, umabot sa 170 pamilya mula sa Brgy. Don Salvador, Tagbinugna at Calatagan sa Mati City nang binomba ng 28th IB sa kanilang mga komunidad. Inokupa ng mga sundalo ang komunidad matapos makasagupa ang mga Pulang mandirigma sa kalapit na lugar.

Noong Marso 26, nagbakwit naman ang mga residente sa Purok 6, Brgy. Dalaguit, Montevista, Compostela Valley.

**Pagbakwit dulot ng militarisasyon**

Noong Marso 30, lumikas sa Sityo Camansi, Banglay, Lagonlong, Misamis Oriental ang 36 na pamilyang Higaonon matapos inokupa ng mga sundalo mula sa 58th IB ang kanilang komunidad. Ayon sa mga residente, dumating noong umaga ng Marso 29 ang 100 sundalo at namigay ng mga polyeto kung saan pinasusurender ang mga residente bilang mga myembro ng BHB. Nagbanta ang mga sundalo na magkakampo sa lugar kapag hindi sumunod ang mga Lumad.

Sa Isabela, iniulat ng grupong tagapagtanggol ng karapatang-tao ang okupasyon ng 86th IB sa Brgy. Aringgay, San Guillermo noong Marso 28. Ayon sa mga residente, pinaalis sila ng mga sundalo sa kanilang mga sakahan at ilan sa kanila ay tinutukan pa ng baril. Nagpapanggap diumanong mga Pulang mandirigma ang mga sundalo pero hindi nila naloko ang mga residente. Kagyat nilang iginiit ang pagpapalayas sa mga sundalo mula sa kanilang komunidad.

Noon namang Marso 21, inokupa ng 2nd Marine Company ng Marine Battalion Landing Team-8 ang Brgy. Hinanaan at dalawa pang kalapit nitong baryo sa Kalamansig, Sultan Kudarat matapos magtamo ng matinding pinsala sa taktikal na opensiba ng BHB sa nakaraang araw. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 7.)* Hinamlet ng mga sundalo ang lugar at naghasik ng matinding takot sa mga residente sa pamamagitan ng walang pakundangang pagpapaputok. Sinira nila ang isang bahay upang bigyang-daan ang paglapag ng kanilang helikopter. Noong Marso 22, idinetine nila si Pastor Godofredo Gantangan ng Dulangan Manobo Evangelical Church at isinailalim sa interogasyon sa loob ng pitong oras. Pilit siyang pinaaaming myembro ng BHB sa pamamagitan ng mga pagbabanta sa kanyang buhay. Sa parehong araw, pinasok ng mga sundalo ang eskwelahang pinatatakbo ng Mindanao Interfaith Services Foundation Inc. sa Sityo Tinagdanan, Brgy. Hinalaan at ininteroga ang mga guro at estudyante nito. Ilang araw matapos nito, nilisan ng mga residente ang lugar para humingi ng tulong at suporta sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at ahensya ng gubyerno. Mahigit kalahati sa mga nagbakwit ay mga bata. Ang umokupang mga sundalo ay nagsisilbing gwardya ng DM Consunji Inc. na may malawak na operasyong pagmimina sa lugar. Kasabwat rin nila ang mga pribadong gwardya ng kumpanya.

**Pang-aaresto at pagbabanta**

Tuluy-tuloy din ang mga pang-aaresto, pananakit at pananakot sa mga pinararatangang tagasuporta o myembro ng BHB. Gayundin, nagpapatuloy ang panggigipit sa mga aktibista sa ligal na demokratikong kilusan.

Noong madaling araw ng Marso 21, inaresto ng pinagsanib na pwersa ng 56th IB, pulis at mga operatibang paniktik sa Sityo Compra, Brgy. General Luna sa Carranglan, Nueva Ecija si Rommel Tucay, 38 taong gulang. Isa siyang organisador ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon na nakatalaga sa Carranglan. Binugbog at ti-

nortyur si Tucay ng mga sundalo bago dalhin sa presinto kung saan ipinailalim siya sa integorasyon.

Sa Bicol, inireklamo ng College Editors Guild of the Philippines sa rehiyon ang tuluy-tuloy na sarbeylans at panggigipit ng militar sa kanilang mga myembrong mamamahayag sa Ateneo de Naga University at Baao Community College, parehong nasa Camarines Sur. Noong Marso 17, pinuntahan ng mga pulis ang bahay ni Jan Joseph Goingo, bise-presidente ng CEGP para sa Luzon, at hinaras ang kanyang pamilya. Umikot din ang mga pulis sa mga upisina ng mga publikasyon ng mag-aaral sa tangkang sindakin ang mga nagpapatakbo nito. AB

**57 maralita, iligal na inaresto sa QC**

ILIGAL NA INARESTO noong Abril 3 ang 57 indibidwal na kabilang sa grupo ng Kadamay na umokupa sa bakanteng lote sa Apollo, Tandang Sora sa Quezon City. Walo sa kanila ay matatanda at 16 ay mga menor-de-edad. Ang 41 sa kanila ay kinasuhan ng *trespassing* at pamimilit at pinagbabayad ng ₱14,000 na pyansa kada isa.

Dating nakatira sa nabanggit na lugar ang naturang mga inaresto bago sila dinemolis noong maagang bahagi ng 2016. Ayon sa mga residente, arbitraryong idineklara ng lokal na pamahalaan na mapanganib *(fire hazard)* ang lugar para bigyang-katwiran ang demolisyon. Walang inialok na relokasyon ang gubyerno sa mga dinemolis liban sa hindi malinaw na lugar sa Cagayan Valley. Siyam na buwang nanatili sa lansangan malapit sa Apollo ang mga nawalan ng tirahan. Nitong huli, nagbanta ang upisina ng Metro Manila Development Authority na palalayasin sila sa kalsada kaya nagpasya ang mga residente na muling pasukin ang nakatiwangwang na lote. Deka-dekada na silang nakatira sa lugar.

Mula nang maupo ang rehimeng Duterte, mahigit 4,000 pamilya na sa Metro Manila ang dinemolis at nawalan ng tirahan. Dagdag sila sa 1.4 milyong residenteng dinemolis sa panahon ng rehimeng US-Aquino.

Mula sa mga rehiyon

# Mga kilos protesta para sa karapatan, kagalingan at kapayapaan

NITONG NAKARAANG MGA linggo, sunud-sunod na naglunsad ng mga kilos protesta ang mga magsasaka, manggagawa at estudyante para igiit ang kanilang mga karapatan, ihapag ang kanilang mga kahilingan sa nagaganap na usapang pangkapayapaan ng NDFP-GRP at singilin ang rehimeng Duterte sa mga pangako nitong hindi pa rin naipatutupad.

Sa Catbalogan City sa Western Samar, nagrali noong Abril 4 ang 5,000 mamamayan para suportahan ang usapang NDFP-GRP. Kabilang sa mga raliyista ang mga nakaligtas sa bagyong Ruby na nagsampa ng kaso ng korapsyon laban sa meyor ng Catbalogan na nangutang ng pondo para diumano sa *relief* at *rehab* ng mga nasalanta. Sa kabila nito, nasa temporaryong mga tirahan pa rin ang mga biktima ng sakuna. Sumama rin sa rali ang mga magsasaka mula sa Basey, Calbiga at Pinabacdao na biktima ng militarisasyon ng 87th IB. Naroon din ang mga kaanak at kababaryo ng mga biktima ng pampulitikang pamamaslang ng mga goons ng mga meyor ng San Jorge at Calbayog City, at mga biktima ng kontra-mahirap na "gera kontra-droga" ng rehimeng Duterte.

Sa Nueva Ecija, mahigit 3,700 manggagawang bukid na myembro ng Liga ng Manggagawang Bukid, kasama ang Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luson-Nueva Ecija ang nagprotesta sa harap ng munisipyo ng Guimba noong Marso 27. Bitbit nila ang mga istrimer at sako na may nakasulat na "Tunay na reporma sa lupa, Ipaglaban!" at "Ipinangakong Rice Subsidy, Ibigay na!"

Umaasa ang mga raliyista na mabigyan ng kinakailangang tulong at subsidyo sa harap ng dinaranas nilang gutom sa ngayon. Kabilang sa hinihiling nila ang mabigyan ng pagkakataong magtrabaho, laluna sa panahong gumagamit ang maraming panginoong maylupa ng mga makina para sa pag-aani.

Sa Metro Manila, muling nagpiket noong Abril 1 ang mga manggagawang myembro ng Samahang Manggagawa sa Harbour Center sa harap ng DOLE-NCR para igiit na pabilisin ang pagresolba sa kanilang kaso. Inireklamo nila sa naturang ahensya ang pagtanggi ng kanilang employer, ang Grasials Corporation, na gawin silang regular at igiit ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Dapat naglabas ng desisyon ang DOLE ng desisyon noong Marso 31 pero ipinagpaliban ito sa Abril 22.

Sa Southern Tagalog, naglunsad ng sabayang protesta ang Karapatan-Timog Katagalugan at iba pang organisasyon sa Laguna (Calamba at UP-Los Banos), Cavite (Bacoor) at Rizal (Antipolo City at Rodriguez), Batangas City at Lucena City noong Marso 21. Kinundena nila ang sunud-sunod na atake ng AFP sa mga sibilyan at pambobomba sa mga kabundukan malapit sa mga komunidad na nagresulta sa sapilitang paglikas ng mga magsasaka. Sinuportahan ng mga raliyista ang muling pagbukas ng usapang kapayapaan ng GRP at NDFP at ipinanawagan ang pagpapatupad ng CARHRIHL.

Noon namang Marso 22, nagprotesta ang PAMANTIK-KMU sa harap ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Maynila para ipanawagan ang pagbabasura sa

D.O. 174. Kinundena nila ang pagpapatuloy ng DOLE sa kontraktwalisasyon at hindi pagresolba sa problema ng mga manggagawa tulad ng mababang sahod, kawalan ng benepisyo at hindi makataong paggawa at *unfair labor practice* o mga gawi ng pandaraya sa mga manggagawa .

Sa Baguio City, nagrali noong Marso 23 ang mga kabataang estudyante na kasapi ng Anakbayan-Saint Louis University para tutulan ang walang upat na pagtataas ng matrikula sa eskwelahan. Panawagan nila, "Tama na, sobra na ang pagtataas ng matrikula! Carry-over scheme ibasura!," dahil sa taon-taong pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin sa ilalim ng "Carry-over scheme", o "CHED Memorandum Order no. 13 Series of 2-12" at pagkiling sa pang-merkadong programang K-12. Ang "carry-over scheme" ay isang kalakaran kung saan pinapayagan ng Commission on Higher Education (CHED) ang mga pribadong eskwelahan na arbitraryong magtaas ng matrikula kada taon. AB

## Mga magsasaka mula sa Tagum, nagprotesta sa Maynila

MAHIGIT 70 KASAPI ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. (MARBAI) ang nagtungo sa Maynila noong Marso 28 upang kundenahin ang pangangamkam ng kanilang lupa, at pandarahas ng Lapanday Foods Corp. sa Tagum City. Ang kanilang *caravan* ay bahagi rin ng taunang Pambansang Kampuhan ng mga Magsasaka para sa Libreng Pamamahagi ng Lupa na nagsimula noong Marso 30 at nagtapos noong Abril 1. Lumahok dito ang mga magsasaka mula sa Arakan, North Cotabato, Bulacan at Nueva Ecija.

Marso 29 dumating ang mga magsasaka ng MARBAI sa Baclaran Church sa Parañaque City. Nagpahayag ang mga relihiyoso at taong-simbahan ng suporta sa kanilang kampanya para sa lupa at buhay.

Noong Marso 30, tumungo sila sa punong tanggapan ng Lapanday Foods Corp. sa Chino Roces, Makati City. Hindi sila hinarap ng mga upisyal ng kumpanya.

Sa kanilang piket sa harap ng tanggapan, kinundena nila ang gawa-gawang kaso ng Lapanday sa mga myembro ng MARBAI at iginiit na dapat ibasura na ang Agribusiness Ventures Agreement na nagpapahintulot sa Lapanday na agawin ang lupang para sa mga magsasaka.

Matapos nito, nagtungo ang mga kasapi ng MARBAI sa Department of Agrarian Reform sa Quezon City, kung saan nagtayo sila ng kanilang kampuhan. Giit nila na dapat mamagitan na ang DAR sa usapin ng pamamahagi ng lupang nakapailalim sa CARP.

Sa kanilang konsultasyon sa mga upisyal ng DAR noong Marso 31, sumang-ayon ang mga ito na ituloy at pangunahan ang pamamahagi ng lupa sa pinakamaagang panahon.

Noon pang Disyembre 19, 2016 naipamahagi sa mga kasapi ng MARBAI ang Certificate of Land Ownership Award pero hindi ito iginalang ng Lapanday. Makalipas ang 12 araw, marahas na pinalayas ng mga gwardya ng kumpanya ang mga magsasaka sa kampuhang itinayo nila sa sariling lupa.

Abril 6, pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang martsa tungong Mendiola, Maynila upang magpahayag ng suporta sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP na magbubuo ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms. Ang CASER ay inaasahang tutugon sa pamamahagi ng lupa, repormang agraryo, pagwawakas sa sistemang asyenda at plantasyon.

Nanawagan rin ang grupo kay Pres. Rodrigo Duterte ng GRP na alisin na ang tropang militar sa kanayunan lalo't nakipagkasundo ito sa NDFP na bubuo ng *interim joint ceasefire*.



## Mga manggagawa ng saging sa ComVal, nagwelga

PUMUTOK ANG WELGA sa Shin Sun Tropical Fruit sa Brgy. San Miguel, Compostela, Compostela Valley noong Abril 6 matapos sisantehin ng kumpanya ang mahigit 50 manggagawa nito. Noon pang Marso 16 tinanggal sa trabaho ang 53 manggagawang myembro ng Shin Sun Workers Union (SSWU), isang unyon na nakapailalim sa National Federation of Labor Union-Kilusang Mayo Uno. Ito ay sa tangkang buwagin ang unyon na nakikibaka sa ngayon para sa regularisasyon ng mga kontraktwal nitong manggagawa.

Pitong taon nang nagtatrabaho sa kumpanya ang sinisanteng mga manggagawa. Inempleyo sila ng ECQ Serve Human Resources, isa sa mga *labor agency* na idineklara na ng Department of Labor and Employment (DOLE) na nagsasagawa ng *labor-only contracting* (LOC). Ang LOC ay kunwa'y mahigpit na ipinagbabawal sa reaksyunaryong batas, at kahit sa kalalabas lamang na Department Order 174.

Sa halip na iregularisa ang mga sinisanteng manggagawa, kumuha ang kumpanya ng bagong mga manggagawa sa Human Pros Manpower Agency.